# Ang REBOLUSYONARYONG LUNAS

Ang Opisyal na Pahayagan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan - National Democratic Front of the Philippines (MSP-NDFP)

Isyu Bilang 2 | 2025



# MGA NILALAMAN


**3** **Editoryal:**
Labanan ang Imperyalismong US!
Isulong at ipagtagumpay ang Digmang Bayan!

**6** **Hinggil sa mid-term elections 2025: Sayaw ng imperyalistang US at naghaharing-uri**

**9** **Pulong ni Marcos Jr. sa India at US: Banta sa Mamamayan, Sukdulang Pagsuko sa Kalayaan at Kasarinlan ng Bayan**

**12** **Ang pagkalinga sa mga Pulang mandirigma ay isang rebolusyonaryong gawain**

**15** **Balangay ng mga istudyanteng pangkalusugan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan, Pormal na itinayo**

**17** **Usapang Medikal:**
Magpakatatag at Magpalakas sa Isip at Paninidigan

**19** **Sining at Panitikan:**
Sa Guhit ng Ulnar: Sa pag usbong ng makauring paglaya
Likhang Tula ni: Kasamang Jo




*Likha ni Amparo Mariano*

# Editoryal

## Labanan ang Imperyalismong US!







## Isulong at ipagtagumpay ang Digmang Bayan!

Sa harap ng libu-libong mamamayang pinapaslang at pinagssamantalahan, kalupaan at kabuhayang sinasalanta ng imperayalistang giyera at pakana ng US sa Palestine, Ukraine, Iran at sa iba't ibang panig ng mundo, nananawagan ang Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) sa sambayanang Pilipino na tumindig at labanan ang Imperyalistmo at isulong at ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

Walang kaparis ang pagdurusang dinaranas ng mamamayan sa buong mundo dulot ng imperyalistang gyera at pagsasamantala ng imperayalismong US na sya paring pinakamalaki at pinakmabangis na imperyalistang kapangyarihan. Hatid ng imperyalismo ang permanenteng krisis na nagdudulot ng patuloy na pagkakasakit, pagkamatay, pagkasira ng kabuhayan at paghihirap sa sa mga mamamayan sa daigdig.

Laging nangangahulugan ng gyera ang imperyalismo. Imperyalistang gyera ang paraan at kinahahantungan ng kontradiksyon ng mga imperyalistang kapangyarihan na palaging nagkukumpitensya upang palawakin pa ang kanilang kontrol sa mga ekonomya at mga neokolonya at muling paghatian ang daigdig. Imperyalismo ang nasa likod ng mga gyerang nagaganap sa dagdig. Nakadisensyo ang mga gyerang ito upang mapanatili ng US ang

hegemonya sa ekonomya, pulitika at militar. Nais ng US na patuloy na makontrol ang malalaking pagkukunan ng langis at mineral na kailangan para sa pagpapaunlad pa ng teknolohiya at produksyon tungo sa papalaking superttubo.



Malaki ang pananagutan ng papet na rehimen ni Marcos Jr. sa pagsasakatuparan ng mga plano at pakana ng Imperyalismong US. Sa halip na itaguyod ang nagsasariling ekonomya at pulitika, at paunlarin ang pambansang industriya at agrikultura, sunud-sunurang naninikluhod si Marcos Jr sa among imperyalistang US.

Buong pagpapakatutang iniaalay ng rehimen ni Marcos Jr sa among imperyalismong US ang pulitika-ekonomiya, sosyo-kultural, likas na yaman, kalupaan, at murang lakas paggawa ng bansa. Sa dikta ng US, ipinapagpapatuloy nito ang mga neoliberal na patakarang liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon. Nagreresulta ito sa lalong paglubha ng krisis, pagdausdos ng agrikultura at lokal na industriya, pagmahal ng mga bilihin at bayarin sa yutilidad publiko at serbisyong panlipunan.

Sang-ayon sa Indo-Pacific Strategy ng US para kontrolin ang paglakas at paglawak ng impluwensya ng Tsina, ginagawang launching pad ng US ang Plipinas. Ibinukas ni Marcos Jr ang buong bansa upang maging base militar ng US sa iallim ng Visiting Forces Agreement (VFA), Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), at iba pang tagibang na kasunduang militar. Itinutulak ng US ang mga bansa sa rehiyon kasama ang Pilipinas sa papalaking paggastos sa depensa para sa interes ng US. Nitong 2024 nadeliver ang BrahMos supersonic cruise missile system sa Pilipinas na binili ng gobyernong Marcos Jr sa India.

Pinayagan ni Marcos Jr ang  pagpasok ng sandatang pandigma ng US gaya ng Typhon launchers na kayang maglunsad ng missiles sa kalaban ng US na Rusya at Tsina. Kahit napaalis na ang US military bases, pinapayagan ng rehimen ang military redevelopments sa Subic partikular ang  kumbersyon ng mga isla ng Grande at Chiquita Islands naval reservations ng US, pagpapalawak ng Agila maintenance, repair and overhaul (MRO) hub, at pagbubukas ng U.S.-Philippine Joint Ammunition Manufacturing Facility. Hinahayaan ni Marcos Jr ang mga probokasyon ng US sa Tsina. Pinayagan ang pagpasok at pananatili ng tropang Amerikano at ibang dayuhang tropa sa pinatagal at pinalawak na mga military exercises. Nalalagay tayo sa napakalaking panganib sa posibleng imperyalistang gyera sa pagitan ng US at Tsina at iba pang imperyalistang kalaban ng US.





Photo: PWRC

Ipinatutupad ni Marcos Jr ang madugong kontrainsurhensya sa balangkas ng plano ng US. Ito ang nasa likod ng pambobomba sa mga komunidad, marahas na represyon, pagpaslang, sapilitang pagkawala, iligal na pang-aaresto, harassment at iba pang malulubhang paglabag sa karapatang pantao at pasistang atake laban sa mamamayan.


Ang pambansa-demokratikong rebolusyong inilulunsad ng mamamayang Pilipino ang magpapabagsak sa paghahari ng imperyalismong US at ng papet rehimen. Sa pagdurog sa reaksyunaryong estado at pagputol sa paghahari ng Imperyalismong US sa bansa makakapanaig ang demokratikong interes at kapangyarihan ng mamamayan laban sa mapanupil. Sa pagtatagumpay lamang ng rebolusyon matitiyak ang pagtatayo ng sosyalistang lipunan kung saan maipapatupad ang independyente, malaya at makataong mga patakaran tungo sa lahatang pag-unlad ng bansa at pagbuti ng kalagayan ng mamamayang Pilipino.

Mahalagang kontribusyon ng mamamayang Pilipino sa pagpapahina sa Imperyalismong US ang pagpapabagsak sa malakolonyal at malapyudal na sistema sa pamamagitan ng pambansa-demokrtaikong rebolusyon. Ang paglulunsad ng armadong rebolusyon sa Pilipinas at iba pang bansa ay isang mabisang paraan para mapigilan ang pagputok ng imperyalistang gyera sa Asya-Pasipiko.



Kasabay ng pagpapapaigting ng pambansa-demoktrikong rebolusyon sa ating bayan tungkulin nating mga rebolusyonaryo na buuin ang pakikipagkaisa sa mga mamamayan sa daigdig na lumalaban sa Imperyalismong US. Tungkulin nating suportahan at makipagkaisa sa mamamayang Palestino, sa mga mamamayan sa mga bansang ginigyera ng US at sa iba pang mamamayang nakikibaka para sa pambansang kasarinlan upang palakasin ang paglaban sa Imperyalismong US.

Napakahalagang palakasin ang ating rebolusyonaryong hanay, abutin ang pinakamaraming mamamayan sa loob at labas ng bansa, para malakas na labanan ang imperyalistang gyera at mga pakana ng imperyalismong US. Isulong natin hanggang sa tagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba! #




*Likhang sining mula sa NDFP 12-Point Program*

# Hinggil sa mid-term election 2025:

# Sayaw ng imperyalistang US at naghaharing-uri




Muling pinatunayan ng nagdaang reaksyunaryong mid-term election noong Mayo 12, 2025 na ito ay isa lamang tanghalan ng pagtutunggalian ng naghaharing-uri at ehersisyo upang ibayong konsolidahin ang burukrasya para sa kanilang paghahari. Kung hindi nila malinlang ang masa gamit ang salapi, bigwas ng sistematikong karahasan, red-tagging, at harassment ang ipinapataw sa sinumang sasalungat sa kanilang kagustuhan.

Sa panig ng mamamayang nakikibaka laban sa matinding krisis panlipunan, pasistang terorismo at banta sa kaligtasan, ang eleksyon ay lunsaran ng mga kampanya upang itambol ang mga isyung pambansa at pakikibaka laban sa pasismo, imperyalismo, at pyudalismo habang isinusulong ang panawagan para sa tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon. Sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunan, hindi maaaring maganap ang isang demokratiko at patas na eleksyon. Kailanma'y hindi naging demokratiko at malinis ang eleksyon gaya ng gustong palabasin ng mga reaksyonaryo at mga tagatambol nila sa simbahan at midya. Kaagad inietsa-pwera sa maaaring kumandidato ang pinakamalaking mayorya ng populasyon, ang masang anakpawis ng mga manggagawa at magsasaka, o ang kanilang mga kinatawan, na walang rekurso para makipagtagisan sa kampanyang pinaghaharian ng "guns, goons

and gold." Pinasusuot sa butas ng karayom ang akreditasyon ng mga progresibong partylist habang maluwag ang pag-akredit sa mga partylist ng mga dinastiyang pulitikal sa tamang presyo at suhol sa COMELEC.

Isang ilusyon ang pinalalabas na malaya ang pagpili ng mga iboboto dahil nangingibabaw ang panunuhol, panlilinlang, panggigipit at pananakot. Ang nagdaang halalan ay:

1) Batbat ng lantarang pandaraya gaya ng kwestyonableng "last minute upgrade" sa software system ng mga counting machines na hindi isinapubliko bago ang halalan. Pinangangambahan ng ilang eksperto na posibleng ipasok ang "malicious codes and algorithm" sa upgrade na ito para impluwensyahan ang resulta ng halalan. Marami ang naisadokumentong kaso ng maling pagbasa ng Miru counting machines gaya ng overvote at undervote. Ang mga anomalyang ito ay lalong nagpalakas sa panawagan ng maraming grupo na magsagawa ng manual counting ng mga boto sa precinct level na may automated transmission upang matiyak na binilang ng tama ang boto ng taumbayan.


Photo:smartmatic.com

2) Ang inisyal na resulta ng senatorial elections ay nagpakita ng malinaw na "political accommodation" o pagpabor sa mga makapangyarihang pamilya sa Senado. Bagama't hindi nakikita, latak na latak ang kamay ng imperyalistang US sa resulta ng halalan--nanalo ang mga kandidatong pabor at suportado ang pagpapanumbalik at pagpapatatag sa military at defense establishments at mga makaisang-panig na kasunduan na pumapabor sa mga polisiyang nagbibigay ng higit na kaluwagan sa mga ehersisyong militar ng mga sundalong Pilipino at Amerikano gayundin ng mga pang-ekonomyang kasunduan. Dahil sa kritikal na papel ng Pilipinas sa US Indo-Pacific Strategy upang sindakin ang kalaban nitong Tsina, ginawa ng US ang lahat upang manalo ang mga kandidatong maka-gobyerno ng Amerika.



Photo: news.tv5.com.ph

3) Nais ng US na buksan ang "ikatlong daan" na inilatag ng pangkating Liberal-Akbayan-Pink (LAP) at paunlarin ito bilang "reserbang kabayo" bilang paghahanda sa pambansang halalan 2028. Tiwala ang US na ang suporta ng pangkating LAP ang ibayong magpapalawak sa impluwensya ng Amerikanong militar sa Pilipinas, non-stop war games at counterinsurgency. Layunin din ng US na isantabi ang suporta ng Tsina sa pamilyang Duterte at ibalik ang dating kaayusan na kahit magkakaribal sa pulitika ay pro-US lahat. Tahasan din ang ginawang hakbang ng US sa pamamagitan ng mga tuta nitong Marcos Jr. at NTF-ELCAC upang dungisan ang pangalan at takutin ang mga pwersang pambansa-demokratiko.

Matindi ang presyur ng US na i-accommodate ng gubyernong Marcos ang grupong LAP at ang mga Senador na sina Bam Aquino at Francis Pangilinan para sa interes ng US.

Ngunit mistulang hindi pa pinapaburan ng US ang impeachment dahil maaari itong magpalala ng krisis sa pulitika at maging daan upang mapalawak ng Tsina ang impluwensya nito sa pamamagitan ng mga Duterte at kasapakat nito. May mga inidkasyon na tumatalima ang Malacanang sa utos ng US sa kabila ng malakas na panawagan ng mamamayan sa impeachment.

4) Malawak ang "disenfranchisement" ng party-list groups na tunay na nagbabandila ng interes ng inaaping mamamayan. Mayorya ng mga nanalong party-lists ay nagmula sa pampulitikang dinastiya, negosyante, o mula sa hanay ng militar.




Tuwing eleksyon, muli't muling mabibigo ang masa na kamtin ang tunay na pagbabago sa ilalim ng kasalukuyang sistema. Ginagamit lamang ito ng mga paksyon ng naghaharing-uri at imperyalistang laluna ng US upang isulong ang sariling adyenda ng pagkontrol sa pulitika, ekonomya, at militar ng bansa. Ang tunay na pagbabago ay makakamit lamang sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan.


Kailangan ding hubaran ang mga grupong petiburges at ang dilaw na reaksyunaryong oposisyon na ipinakikilala ang sarili sa mamamayan bilang ikatlong alternatiba sa bulok na sistema at nakapamayagpag sa nagdaang eleksyong presidensyal. Dapat na ilantad ang inilalako nilang repormistang linya at programa. Sa katunayan, ang kulumpon ng mga grupong ito kabilang ang mga huwad na kaliwa at sosyalista ay buntot ng lokal na mga naghaharing uri at gumaganap na mga ispesyal na ahente upang linlangin ang masa, ilayo sila sa tunay na landas ng radikal na pagbabago ng sistema at ipreserba ang reaksyunaryong paghahari o iperpekto ang paghaharing ito sa pamamagitan ng mga hungkag na reporma.

Ibayong paigtingin natin ang armadong pakikibaka na may sosyalistang perspektiba at puspusang magpukaw, mag-organisa at magpakilos ng laksa-laksang masa tungo sa tagumpay ng rebolusyon.#



*Likhang sining mula sa NDFP 12-Point Program*

# Pulong ni Marcos Jr. sa India at US: Banta sa Mamamayan, Sukdulang Pagsuko sa Kalayaan at Kasarinlan ng Bayan



Ang kamakailang pagbisita ni Ferdinand Marcos Jr. sa Estados Unidos at India ay may malalim na kahulugan – ang sukdulang pagsuko ng kalayaan at kasarinlan ng bansa. Bago pa man ang ika-apat na State of the Nation Address ni Marcos Jr, ipinatawag siya ni Donald Trump para sa isang 'negosasyon' noong Hulyo 20-22, 2025. Nais ni Trump na tiyakin ang mga interes pang-ekonomiya ng US, kabilang ang mga operasyon na walang buwis at zero-tariff na importasyon, at higit pang pagpapalawak sa presensya ng militar ng US sa Pilipinas.

Pumayag si Marcos Jr. na ganap na alisin ang mga taripa sa mga produktong Amerikano. Pinalalabas ni Marcos na ang 'zero tariffs' ay isang 'konsesyon' na nakamit matapos 'ibaba' ni Trump ang ipapataw na taripa sa mga eksport ng Pilipinas mula 20% tungong 19%. Malinaw na walang nakamit si Marcos sa pagpapababa ng taripa. Pilit ding pinaliliit ng rehimen ang epekto ng 'zero tariffs' sa mga imported goods mula sa US, at sinasabi nilang nasa $3-$6 bilyon lamang ang mawawalang kita ng Pilipinas mula rito.

Dagdag pang magpapahirap sa sambayanang Pilipino ang bagong pinirmahang batas ni Marcos Jr., ang RA 12252 na nagpapahintulot sa hanggang 99 na taong pag-upa sa malalawak na lupain ng bansa sa mga dayuhang dambuhalang kapitalista. Pinapalayas ang libu-libong magsasaka at

katutubo upang bigyang-daan ang mga plantasyon, minahan, proyektong pang-enerhiya, turismo, at iba pang negosyo ng malalaking dayuhan at lokal na kumpanya. Inaalok pa sila ni Marcos ng halos walang buwis na pamumuhunan.

Ang pagpapalakas ng presensya ng militar ng Imperyalistang Estados Unidos sa Pilipinas ay malinaw na hakbang upang gamitin ang bansa bilang lunsaran ng digmaan at base ng operasyon sa buong rehiyon. Isa itong tahasang panghihimasok hindi lamang sa soberanya ng Pilipinas, kundi pati na rin sa kapayapaan ng buong rehiyon sa Indo-Pasipiko. Layon ng Indo-Pacific Strategy ng Estados Unidos na 'kontrolin' ang paglakas ng China. Ang patuloy na presensya ng militar ng US, ang kanilang mga pagsasanay-pandigma at ang pag-uudyok ng digma ay nagpapataas ng tensyon sa rehiyon at humahadlang sa diplomatikong resolusyon ng mga sigalot sa West Philippine Sea sa pagitan ng Pilipinas at China.

Bago pa man ang pagbisita noong Hulyo, abala na si Marcos sa pagbibigay ng karagdagang lokasyon para sa mga base militar ng US. Pinakahuli rito ang pagbubukas ng kanlurang baybayin ng Davao Gulf kung saan saklaw ang Davao City, Davao del Sur, at Malalag Bay, para sa pagtatayo ng fuel depot na kayang mag-imbak ng 159 milyong litrong diesel kada taon. Ito ang magsisilbing suplay ng panggatong para sa mga barko at eroplanong pandigma ng US sa Sulu at Celebes Sea. Ang pasilidad ay alternatibo sa isinarang depot ng US sa Hawaii noong 2022 matapos itong magdulot ng kontaminasyon sa inuming tubig ng mga kalapit na komunidad.

Nauna nang binuksan ni Marcos ang Subic para sa paggawa ng mga bala, bomba, at iba pang amunisyon; ang mga isla ng Grande at Chiquita bilang karagdagang base para sa pang-surveillance ng mga pwersang Amerikano; at ang hilagang baybayin ng Palawan, kabilang ang Oyster Bay, bilang base at kumplikadong pangkumpuni ng mga barkong pandigma ng Imperyalistang US.

Sa katunayan, ginagamit lamang ng US ang Pilipinas bilang panangga ng mga posibleng pag-atake mula sa mga kalaban nitong bansa. Sa ganitong estratehiya, nalalagay sa panganib ang Pilipinas na madamay at makaladkad sa mga digmaan at sigalot na wala naman tayong direktang kinalaman o pambansang interes. Isa itong malinaw na paglalagay sa kapahamakan ng mamamayang Pilipino.

Sa gitna ng lumalalang krisis at alitan ng mga nagriribalang paksyon sa mga naghaharing uri, ibayong nagpapakatuta si BBM sa Imperyalistang US upang tiyakin na nasa kanya pa rin ang basbas at suporta nito. Sa halip na unahin ang interes ng bayan, mas pinipili niyang mangayupapa sa imperyalismong US upang manatili sa kapangyarihan. Lalo na't inihahanda ng imperyalismong US ang "ikatlong daan", ang Liberal-Akbayan-Pin (LAP) bilang alternatibo sa pulitika kuno, na nagkukunwaring nagsusulong ng pagbabago para sa mamamayan.

Samantala, hindi rin hiwalay dito ang ginawang hakbang ni Marcos na pakikipag-alyansa sa India. Noong Agosto 4-8, 2025, bumisita siya sa India upang pormal na itaas ang antas ng ugnayan ng Pilipinas at India sa pamamagitan ng kasunduang "Strategic Partnership," na nilagdaan rin sa mga araw na iyon. Layon nitong palawakin ang kooperasyon ng dalawang bansa sa iba't - ibang larangan tulad ng pulitika, depensa, ekonomiya, agham at teknolohiya, at maging sa kultura.

Ang kasunduang "Strategic Partnership" na pinasok ni Marcos Jr. sa India ay nakapaloob at umaayon sa estratehikong balangkas ng imperyalistang US sa Indo-Pasipiko. Sa ilalim ng Indo-Pacific Strategy ng US, pinapalawak

nito ang mga alyansa sa rehiyon upang i-kontrol ang agos ng ekonomiya, teknolohiya, at seguridad, habang pinipigilan ang pag-usbong ng China bilang pangunahing makapangyarihan sa Asya. Ang India, bilang isa sa mga “Quad” partners’ ng US (kasama ang Australia at Japan), ay instrumento rin ng US sa pagpapatupad ng estratehiyang ito.

Ang nasabing kasunduan ay lalong pinagtibay sa nilagdaang Plan of Action 2025–2029 at iba pang kasunduan sa larangan ng depensa, batas, at teknolohiya. kabilang na ang mahalagang kasunduan sa pagbebenta ng BrahMos missile at patuloy na kolaborasyon sa seguridad sa karagatan.


Kaya’t ang diumano’y "malayang pakikipag-ugnayan" ni Marcos sa India ay hindi masasabing hiwalay sa impluwensya ng US, ito’y indirect na pagpapalalim pa ng pagkakasangkot ng Pilipinas sa mga gerang hindi natin laban kundi ang patuloy na pagpapakatuta Imperyalistang US.

Dapat itakwil ng sambayanang Pilipino ang hungkag, korap, at papet ng US na rehimeng Marcos sa walang pakundangan nitong paglapastangan sa soberanya ng bansa at sa paglalagay sa panganib ng buhay at kaligtasan ng sambayanang Pilipino.

Sa harap ng tumitinding panunupil, lumalalang anyo ng pang-aapi at pagsasamantala, at paglubha ng krisis ng bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal, walang ibang pagpipilian ang sambayanang Pilipino kasama ang manggagawang pangkalusugan kundi ang landas ng paglaban, laluna ang landas ng armadong pakikibaka.

WALANG IBANG SOLUSYON kundi ang armadong pakikibaka, ang pinakamalakas na sandata ng sambayanan para ipagtanggol ang kanilang karapatan, buhay at kabuhayan. Kung wala armadong pakikibaka ang sambayanan, walang habas na mamamayagpag ang imperyalismong US at mga naghaharing uri sa pang-aapi at pagsasamantala sa bayan.

Isulong ang digmang bayan, magpunyagi sa landas ng armadong pakikibaka, iwasto ang dating mga kahinaan at palakasin ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan para sa pambansa at panlipunang paglaya.#



*Likhang sining mula sa 2016 Ulos, p. 12.*

# Ang pagkalinga sa mga Pulang mandirigma ay isang rebolusyonaryong gawain



*Likhang sining mula sa 2022 Ulos, p. 90.*

Nais kong ibahagi ang aming karanasan sa aming pagsampa sa isang larangan sa Luzon para magsagawa ng misyong medikal. Ang aming grupo ay binubuo ng mga duktor, propesyunal, at mga istudyanteng pangkalusugan. Layon ng aming pagsampa ang pagbibigay ng kinakailangang atensyong medikal ng mga Pulang mandirigma.

Sa pagpasok sa sona, hindi madali ang aming mga pinagdaanan at naging karanasan lalo na at kasagsagan ng malakas na pag-ulan. Habang tinatahak namin ang matarik at madilim na kabundukan ay kailangan din naming baybayin ang madulas at maputik na mga daan. Ngunit pinalakas namin ang aming ang mga loob at determinasyon hanggang sa matagumpay naming narating ang loob ng sona at buong galak kaming sinalubong ng mga Pulang mandirigma, dala-dala ang mga gamot at kagamitang medikal.

Kinabukasan ay nagtayo ang mga kasama ng klinik, sapat ang laki para makapagdaos ng konsultahan sa mga pasyente at para sa maliit na laboratoryo. Bago magsimula ang aming mga gawain ay nagpulong muna kami para mahusay

na maidaos ang misyong medikal. At nang mailatag na namin ang kondukta sa panggagamot at naihanda na ang lahat, inisa-isa na naming tingnan ang mga pasyente.



*Likhang sining mula sa 2023 Ulos, p. 60.*

Iba-iba ang kaso ng mga kasama. May ilang simple at kayang idaan sa ilang araw na gamutan, pero mayroon ding mga kumplikado at nangangailangan ng mas espesyal na pagtingin. Dahil na rin sa kahirapang makakuha ng serbisyong medikal, ilan sa mga kaso ng mga kasama ay matagal na panahon nang hindi nalalapatan ng gamutan. May mga kasama ring kumakaharap ng mga problema sa kalusugang pangkaisipan, hindi nakakagulat dahil sa hirap ng buhay sa kanayunan. Ipinaalala nito sa akin ang mataas na kamulatan at pagpapasya ng mga Pulang mandirigma na tahakin ang landas na ito kahit mahirap. Kaya talagang napakataas ng aking paghanga sa mga kasama na buong panahong at buong pagpapasyang sumapi sa BHB.

Pero bukod sa pagbibigay ng serbisyo sa mga kasama, pinakamalaking karanasan ko mula sa pagsampa ay ang pakikipamuhay kasama nila. Nabasa ko sa maraming mga akda at sulatin ang buhay gerilya pero ibang-iba talaga kapag mismong ikaw ang nakaranas. Hindi man ganoon kahaba ang panahon ng aming pagsampa ay punong-puno naman ito ng mga makabuluhang karanasan.

Naranasan ko ang paggising ng alas-kwatro o alas-singko ng umaga, lubhang mas maaga kumpara sa aking karaniwang gising dito sa lungsod. Naatasan din akong maghanda ng almusal para sa buong platun, at kinailangan kong siguruhin na sasapat ito para sa lahat. May pagkakataon din na isang kutsara ng toyo lamang ang aming inulam dahil nahuli ang suplay na magmumula sa isang masa. Uminom din ako ng tubig ulan at tubig mula sa sapa, hindi naman ako sinakitan ng tiyan. Duyan lang din ang aking tinulugan, kagaya ng sa kanila. May isang pagkakataon din na naantala ang aking pagtulog dahil sa tulo mula sa trapal na aming bubungan na hindi kaya ang malakas na pag-ulan. Maraming lamok at sobrang lamig kahit balot na balot na ako. Marami akong bagong karanasan, hindi kumpurtable, napakapayak, at malayong-malayo sa aking kinagisnan. Mahirap ang mga ito pero ito ang araw-araw na buhay ng mga Pulang mandirigma kasabay ng iba pang gawain.

***Nasaksihan ko rin ang malaking respeto at suporta ng masa sa mga baryo sa BHB dahil dala-dala nito ang interes ng mamamayan.***


Nasaksihan ko rin ang malaking respeto at suporta ng masa sa mga baryo sa BHB dahil dala-dala nito ang interes ng mamamayan. Sumasandig ang masa sa BHB at niyayakap nito ang rebolusyon dahil alam nila na ang makamasang prinsipyo nito ang papawi sa kanilang paghihirap bunsod ng mga pagpapabaya, panggigipit, at atake ng estado. Wala silang pag-aatubiling tumutulong at sumusuporta sa mga Pulang mandirigma para sa armadong pakikibaka

Ang mga karanasan kong ito ang mas lalong nagpatibay at nagpaalab ng aking rebolusyonaryong diwa. Naniniwala ako na ang mahirap kong karanasan, na araw-araw na buhay ng mga Pulang mandirigma, ay bahagi ng pakikibaka at isa sa mga sakripisyong handa dapat nating tanggapin bilang mga rebolusyonaryo.

Maraming sakripisyo ang ginagawa ng mga Pulang mandirigma at talagang kahanga-hanga ang mga ito. Dagdag pa rito, mas ipinaalala ng aking karanasan ang napalaki at esensyal na papel ng BHB sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa kanayunan.

***Sumasandig ang masa sa BHB at niyayakap nito ang rebolusyon dahil alam nila na ang makamasang prinsipyo nito ang papawi sa kanilang paghihirap bunsod ng mga pagpapabaya, panggigipit, at atake ng estado.***

Malinaw ang mensahe ng karanasang ito para sa atin, iyon ang takahin ang landas ng pinakamataas na porma ng pakikibaka – ang tumangan ng armas at sumapi sa BHB. Bilang mga kasapi ng MSP na nagmumula sa uring petiburges at mga intelektwal, napakalaki ng ating maiaambag sa pagsusulong ng rebolusyon. Batid natin ang mas mataas na antas na kaalaman mula sa pagbasa at pagsulat hanggang sa mga propesyunal na kaalaman. Kaya nariyan ang kanayunan, sabik na sabik na naghihintay sa atin at handang handa tayong salubungin para maging isang Pulang medik at Pulang mandirigma. Paglingkuran natin ang sambayanang Pilipino at buong puso nating ialay ang talino, kasanayan, at buhay para sa pagpapalaya ng bayan at pagwawakas sa paghihirap ng pinagsasamantalahang uri, hanggang sa tagumpay.#




*Likhang sining mula sa 2023 Ulos, p. 64.*

# Balangay ng mga istudyanteng pangkalusugan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan, Pormal na itinayo




Laking tuwa at pagmamalaki ang ipinaaabot ng mga istudyanteng pangkalusugan sa ginanap nitong asembliya noong ikalawa ng Agosto, taong 2025, upang pormal na itayo ang balanghay ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) sa hanay ng mga istudyanteng pangkalusugan. Dinaluhan ito ng mga istudyante mula sa iba't ibang pamantasan, gayundin ng mga batang propesyunal kabilang ang mga duktor.

Sa pagbubukas ng programa ay binaybay ang kasaysayan ng pagkakatatag ng MSP noong panahon ng Batas Militar ng matandang Ferdinand Marcos hanggang sa maging isang lihim na pambansa-demokratikong pangmasang organisasyon ito sa kasalukuyan. Ang MSP bilang isang rebolusyonaryong organisasyon ng sektor pangkalusugan at alyadong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ay ginagabayan ng pampulitikang linya

ng demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, at ang armadong pakikibaka bilang pangunahing porma ng paglaban.

Sinundan ang pagbubukas na ito ng pagtalakay sa kasalukuyang kalagayan ng rebolusyong Pilipino. Malinaw sa mga dumalo na ang inilulunsad na kilusang pagwawasto, na isang kilusang pag-aaral, ay mahalaga para sa pagsulong ng rebolusyon.




Isang duktor ang nagbahagi ng kanyang karanasan sa pagbibigay serbisyo sa mga Pulang mandirigma sa loob ng isang sona. Kanyang ibinahagi ang pagpupursigi ng mga Pulang medik sa kabila ng limitadong mga rekurso. Gayundin, nagbahagi ang isang istudyanteng nars ng kanyang karanasan sa pagbisita sa isang larangan para makipamuhay. Aniya ibang-iba ang buhay ng mga kasama sa kanayunan kumpara sa maginhawa at kumportableng buhay sa lungsod. Itinaas ng mga kasama sa sona ang kanyang rebolusyonaryong diwa at pinagtibay ng karanasan ang kawastuhan ng isinusulong na rebolusyon sa kasalukuyan.

Isa rin sa mayor na aktibidad ng programa ay ang paghalal sa komiteng balanghay. Binubuo ang komite ng tagapangulo, pangalawang tagapangulo, at tatlong miyembrong mamumuno sa mga partikular na gawain: propaganda-kampanya-edukasyon, suportang pinansya-teknikal-materyal, at serbisyong pangkalusugan at pagsasanay.

Pormal na isinara ang asembliya sa pag-awit ng Awit ng Pag-asa at Ang Internasyunal.

Batid ng mga istudyanteng pangkalusugan ang malaking tungkulin, lalo na sa ngayon, na patuloy na magpukaw, mag-organisa, at kumilos para itakwil ang imperyalismong US, pyudalismo, at burukrata kapitalismo. Napakalaking hakbang at istoriko para sa mga istudyanteng pangkalusugan ang pagkakatatag ng balanghay dahil patunay ito na niyayakap ng mga istudyanteng pangkalusugan ang demokratikong rebolusyong bayan bilang tanging solusyon sa tumitinding krisis at paghihirap ng sambayanang Pilipino. Taas-kamao nilang pinanghahawakan ang mga saligang prinsipyo ng MSP at buong tapang na gagampan ng mga tungkulin para sa tagumpay ng pambansa-demokratikong pakikibaka na may sosyalistang perspektiba.#



*Likhang sining mula sa 2016 Ulos, p. 75.*

# Magpakatatag at Magpalakas sa Isip at Paninindigan




*Likhang sining ni Signer Nemr, mula sa 2022 Ulos p. 83.*

Ang lubos at walang pag-iimbot na pag-aalay ng buhay sa pakikibaka ay nangangailangan ng malusog na katawan at isipan, bukod pa sa matatag na paninindigan sa kawastuhan ng pagrerebulosyon. Ngunit hindi naliligtas ang masang lumalaban at mga rebulusyunaryo sa lumalaking usapin ngayon ng kalusugan ng isip (mental health) sa iba't ibang sektor ng lipunan. Sumasabay sa krisis pang-ekonomiya, politika at kultura sa ilalim ng umiiral na sistemang kapitalismo ang paglubha ng suliraning ito hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong daigdig.

Simula't sapul ng pag-iral ng sistemang kapitalismo ay nakita na ang epekto nito sa kalusugan ng katawan at isip lalo na ng mga pinagsasamantalahang manggagawa. Sa pag-aaral ni Marx at Engels nakita na ang pagkakait sa mga manggagawa ng kanilang kakayahang lumikha o pagkamalikhain, at ang pagiging mistulang parte na lamang nila ng makina ng produksyon na nagtatrabaho para palakihin ang tubo ng mga kapitalista. Sila ay nawalan ng karapatang magpasya sa kanilang nililikha at matamasa ang mga benipisyo ng umuunlad na produksyon.

Tulad ng sinabi ni Marx, nagpatuloy at naging mas masahol pa ang kapitalismo. Ang oryentasyon nitong paglikha ng tubo, at ngayon ay supertubo, ay naglikha ng tuluy-tuloy na krisis. Sa halip na pagtugon sa pangangailangan ng tao, ito ay nagbunga ng ibayong paghihikaos at pagdurusa ng masang anakpawis sa buong mundo. Para sa tubo, binabago at kinokontrol ng sistemang ito ang sistemang pangkalusugan, pang-edukasyon, komunikasyon, pagsasamahan ng mga pamilya, komunidad at organisasyon, at higit pa dito ang kaisipan at pamumuhay ng mamamayan. Nilulusaw din nito ang pagkakabuklud-buklod ng mga tao, at ang koneksyon ng tao sa lipunan at kapaligiran. Ito ay nagbubunga ng pagkakanya-kanya at pagiging makasarili, o indibidwalismo at kumpetisyon. Ang problemang pangkaisipan ay naging mas masahol sa pagbulusok ng imperyalismo.

Sa ordinaryong mamamayan, ang sistemang kapitalismo ay nangangahulugan ng tuluy-tuloy na ligalig at stress dahil sa mababang sahod, kawalan ng trabaho, tirahan, kakulangan ng pagkain at iba pang batayang pangangailangan. Ang pagharap sa araw araw na hamon ng hindi sapat na kita, nagtataasang presyo ng bilihin at

mapang-aping kalagayan sa paggawa ay malaking pabigat sa isip at damdamin. Dagdag na stress ang pagkakasakit dahil sa pagkalaking paggagastusan sa mga limitadong serbisyong pangkalusugan. Sa mga kababaihan at myembro ng LGBTQ+, dahil sa kulturang machismo at sistemang patriyarkal na pinanatili din ng sistemang kapitalismo, nariyan ang bigat na dulot ng diskriminasyon mula sa loob ng pamilya hanggang sa trabaho, simbahan at eskwelahan.

Sa mga kabataan, nariyan ang bigat na dulot ng mga gastusin sa pag-aaral liban pa sa pag-aasam sa mga pinapauso ng kapitalistang mga gamit tulad ng mga gadgets, libangan at pananamit. Iba pa dito ang stress na dulot ng umiiral na kulturang nagsusulong ng indibiwalismo at pinalalaganap lalo na sa social media. Nandyan din ang stress na dulot ng sunud-sunod na kalamidad tulad ng pagbaha at bagyo, at maging ang panggigipit ng estado tulad ng militarisasyon sa kanayunan na pumipinsala sa kabuhayan ng mga magsasaka. Mabigat na usapin din ang stress na dulot ng panunupil ng estado sa mga nagtatanggol ng mga karapatang pantao. Sa isang rebulusyonaryo naman, pinakamahalaga ang pakikitungo sa tumitinding presyur ng kaaway habang gumagampan sa mga gawain sa pagrerebulosyon.

Susi sa pagharap sa lumalaking usapin ng kalusugan ng isip ang pagtanggap na ito ay iniluwal at pinaiiral ng sistemang kapitalismo. Sa pagharap sa problema ng kalusugan ng isip, ang pagiging mulat sa ugat ng kalagayang umiiral ay nagmumulat din sa indibidwal sa kanyang lugar sa lipunan at sa mahalagang papel nya sa pagbabago nito. Ito ay pagbawi sa ipinagkait ng kapitalista sa kanya at sa kanyang uri, sa kanilang indibidwal at kolektibong karapatan sa kanilang nililikha sa proseso ng produksyon. Ang nilulusaw ng kapitalismo na pagkakaisa at pagkakabuklod-buklod ng mamamayang Pilipino ay mulat niya at ng kanyang mga kasama na babawiin sa pagmumulat ng iba, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanila.

Ang pagpapanatili ng malusog na isip at paggagamot sa mga suliranin dito ay hindi lantay na paghahabol sa isang matiwasay na pag-iisip at pamumuhay, bagkus ay bahagi at bunga ng aktibong partisipasyon sa kolektibong pakikibaka para sa pagbabago ng lipunan. Isang sandatang makakatulong para sa pagpapanatili ng malusog na isip ang teorya at pagsasapraktika ng kaisipang Marxismo-Leninismo-Maoismo na nagsusulong sa tuloy-tuloy na pagbabago at pagpapaunlad ng sarili at ng lipunan. Ito ay nagtuturo ng bagong paraan ng pag-iisip – mas obhetibo, nagtatakwil sa suhetibismo at indibidwalismo.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas na kongkretong bunga ng paninindigang ito ay may mga mekanismong naitatag at nagsisilbing lugar para sa kolektibong pagharap sa mga hamong pinakikitunguhan ng indibidwal na mga kasama at ng organisasyon. Nariyan ang tapat na proseso ng pagpuna-at-pagpuna-sa-sarili (PPS) na may klarong programa ng pagwawasto, ang talakayang buhay sa loob ng kolektibo na nakakatulong sa mas lubos na pagkilala ng sariling kahinaan at kalakasan, at ang regular at napapanahong pagtatasa ng mga gawain sa balangkas ng Idelohiya-Politika-Organisasyon na nagpapalakas sa pagkakaisa at paninindigan ng mga rebulusyunaryo.

Sa ilang dekada nang pagpupunyagi ng pakikibaka para sa demokrasya at katarungan, napatunayan na ng karanasan na ang pagpapatatag at pagpapalakas ng sarili at kolektibo, sa anumang aspeto pisikal man o isip at paninindigan, ay nagmumula at nagtutuloy-tuloy sa proseso ng paglaban. Ngayong malakas ang panawagan sa ikatlong kilusang pagwawasto lalo na sa sariling kahinaan at mga pagkakamali, higit na malaki ang hamon sa mga kasama at sa organisasyon na maging mas matatag at mas epektibong lumaban. Kaya malinaw ang hamon sa kasalukuyang yugto ng pakikibaka (mula sa mga salita ng mga rebolusyonaryo sa Timog Katagalugan) - Lumaban upang magpalakas! Magpalakas habang lumalaban!

# Sining at Panitikan

**Sa Guhit ng Ulnar:**
Sa pag usbong ng makauring paglaya
*Likhang Tula ni: Kasamang Jo*

Sa pagitan ng ulan at alab,
sa piling ng yamungmong at ulap,
isinupling ang isang balangay—
hindi bulwagang kristal,
hindi tore ng marmol,
kundi katawan ng panata,
na nililok sa pawis ng pag-aaruga
at hinubog sa alab ng pakikibaka.

Ito'y hindi basta pagtitipon,
kundi pagsilang ng bagong sangkap
sa katawan ng rebolusyong bayan—
isang ugat ng paglilingkod,
isang selula ng paghilom,
isang tinig sa katahimikan ng pinid na liblib.

Sa balangay na ito,
ang serbisyong medikal ay hindi
pagkakawanggawa,
bagkus ay gawing politikal:
paghilom ng sugat ng mga kasama,
at pagkilala sa mas malalim na sugat ng lipunan.

At sa panahong ito ng pagtatatag,
hinahawi natin ang alaala ng mga dakilang nauna.
lalong-lalo na si **Juan Escandor**,
doktor ng bayan, martir ng sigwa't digma.

Hindi siya basta lumisan sa klinika,
kundi tumalikod sa sistemang mapagsamantala,
upang buong-loob na yakapin
ang mahapding gawain ng paglaya.

Inagaw sa kanya ang katawan—
nilapastangan, ginutay, inilibing sa
kasinungalingan.

## **Sa Guhit ng Ulnar:**
## Sa pag usbong ng makauring paglaya
## *Likhang Tula ni: Kasamang Jo*

Ngunit ang kanyang diwa'y hindi kailanman
nailibing:
nananahan ito sa ating panata,
nananahan ito sa ating serbisyong mula't para sa
masa.

At sa tabing ng kagubatan,
ang tinig ni **Joma**, makata't lider,
ay sumasalubong sa ating panunumpa.
Sa kanyang tula, *Ang Gerilya ay Makata*,
isinilang ang isang bagong wika ng rebolusyon:
ang gerilya bilang makata,
ang makata bilang tagapagdala ng
pagbabagong-anyo.

> *Siya ay parehong sandata at salita,*
> *Apoy at bukirin,*
> *Maingat na kamay, at unos ng*
> *paninindigan.*

At tayo—tayong nagtatatag ng balangay—
ay tagapagmana ng linyang iyon:
Tayo'y manggagamot, ngunit higit pa rito,
tayo'y makata ng bayan,
na ang bawat tahi ng sugat ay berso,
at ang bawat pagkilos ay tugma sa kolektibong
ritmo
ng digma para sa pagbabagong panlipunan.

Pagkat ang tunay na misyon ay hindi lamang
paghilom,
kundi paninindigang iugnay ang agham sa masa,
ang lunas sa lupa,
ang kaalaman sa kilusan.

Ang ating serbisyong medikal ay hindi neutral:
ito'y malinaw na nakapuwesto
sa panig ng mga inaaping uri.
Taliwas ito sa pasistang bayarin,
sa ospital na may pader ng tubo't kapital.

## **Sa Guhit ng Ulnar:**
## Sa pag usbong ng makauring paglaya
*Likhang Tula ni: Kasamang Jo*

Ito ang serbisyong itinatag sa prinsipyo—
**makabayan, siyentipiko, at maka-masa—**
isang siyensyang hindi nakapiit sa journal,
kundi lumalakad sa putikan,
nakayuko sa kubol ng mga kasama,
at tangan ang pangakong:
“Walang maiiwan, walang mawawala.”

Sa ganitong diwa,
ang bagong balangay ay hindi simpleng yunit—
ito’y pulso ng isang buhay na kilusan,
daluyong ng rebolusyonaryong kultura,
simbulo ng panibagong anyo ng buhay
na tumatahak sa landas ng **digmang bayan.**

Kaya’t sa araw na ito,
sa sinapupunan ng kasaysayan,
isinusumpa natin:
tutularan natin si Escandor,
bibigkasin natin ang tula ni Joma sa gawa,
at ititindig natin ang balangay
bilang templo ng paglilingkod,
paaralan ng rebolusyon,
at tahanan ng panata ng pag-ibig sa bayan.



*Likhang sining mula sa NDFP 12-Point Program*

**Ang Rebolusyonaryong Lunas**

**Ang Opisyal na Pahayagan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan - National Democratic Front of the Philippines (MSP-NDFP)**